

PINAL NA BORADOR

GABAY SA ORTOGRAPIYA NG WIKANG PAMBANSA

Komisyon sa Wikang Filipino
Mayo 20, 2008

0. PANIMULA: Ang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino ay binubuo ng mga kalakaran kung paano sumusulat ang mga Filipino sa kanilang wikang pambansa. Inilalahad sa ortograpiyang ito ang istandardisadong mga grapema (o pasulat na mga simbolo) at mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito.

I. MGA GRAPEMA

Ang mga grapema sa praktikal na ortograpiya ng wikang pambansa ay binubuo ng:

A. Letra. Ang serye ng mga letra ay tinatawag na alpabeto. Ito ay binubuo ng dalawampu't walong (28ng) simbolo:

Aa "ey"	Bb "bi"	Cc "si"	Dd "di"	Ee "i"	Ff "ef"	Gg "ji"	Hh "eych"	Ii "ay"	Jj "jey"
Kk "key"	Ll "el"	Mm "em"	Nn "en"	Ññ "enye"	Ngng "enji"	Oo "ow"	Pp "pi"	Qq "kyu"	Rr "ar"
Ss "es"	Tt "ti"	Uu "yu"	Vv "vi"	Ww "dobolyu"	Xx "eks"	Yy "way"	Zz "zi"		

A. Di-Letra, na maaaring buuin ng:

1. gitling (-) at paiwa (´), na sumisimbolo sa impit na tunog (?).
2. tuldik na pahilis (´) na sumisimbolo sa diin at/o haba.
3. bantas, gaya ng tuldok (.), pananong (?), pandamdang (!), kuwit (,), tuldok-kuwit (;), tutuldok (:), at kudlit (´). Hindi tatalakayin ang mga bantas sa papel na ito.

II. MGA PANLAHATANG TUNTUNIN SA PAGBABAYBAY AT PAGBIGKAS

Ang mga panlahatang tuntunin sa pagbabaybay at pagbigkas ay ang sumusunod:

A. Sa pagsusulat ng mga katutubo't karaniwang salita, gamitin lamang ang mga letra ng dating ABAKADA: Aa Bb Kk Dd Ee Gg Hh Ii Ll Mm Nn Ngng Oo Pp Rr Ss Tt Uu Ww Yy. Ang bawat letra, kasama ang digrapong "ng", ay kumakatawan sa isang tunog lamang. Ito ay iyong tunog na nakagawian at nakasanayan nang katawanin ng nasabing letra. Kung ano ang bigkas sa mga salitang ito, iyon din ang sulat.

B. Sa pagbabaybay ng mga salitang buhat sa ibang mga katutubong wika sa Pilipinas, panatilihin ang orihinal na anyo ng mga ito batay sa palabaybayan ng pinagkunang wika. Kung ano ang bigkas sa mga salitang ito sa pinagkunang wika, iyon din ang sulat batay sa palabaybayan ng parehong wika.

"vakul"

"hadji"

"ifun"

"cañao"

C. Sa pagbabaybay ng mga hiram na salita buhat sa banyagang wika, may dalawang paraang ginagamit: panatilihin ang orihinal nitong anyo o baybayin ito ayon sa ABAKADA. Kung aling paraan ang gagamitin ay matutunghayan sa ikapitong bahagi ng patnubay na ito.

D. Kapag ang salitang hiram ay binaybay batay sa orihinal nitong anyo sa pinagkunang wika, maaaring hindi magkaroon ng isa-sa-isang tumbasan ang letra at ang tunog.

"choir" ['kwa:yr]

"choice" ['cho:ys]

"table" ['tey.bol]

"ballet" [ba. 'ley]

Sa maikling salita, kung ano ang bigkas sa mga salitang ito, maaaring iba ang sulat.

E. Sa panimulang pagbasa at pagsulat, iminumungkahing ituro muna ang mga tunog, bago ang mga letra.

III. ANG IMPIT NA TUNOG

Ang impit ay kinakatawan ng gitling (-) at ng paiwa (´), maliban sa ilang espesyal na kaso.

A. Kapag nasa unahan ng salita o nasa pagitan ng mga patinig, ang impit ay hindi isinusulat:

“áso” [ˈʔaːso] “káin” [ˈkaːʔin]

B. Kapag nasa pagitan ng katinig at patinig, ito ay kinakatawan ng gitling:

“pag-ása” [pag.ˈʔaːsa]

C. Sa mga salitang malumi (mga salitang may diin sa penultima at may impit sa ultima), ito ay kinakatawan ng simbolong paiwa (˘):

“bátà” [ˈbaː.ta˘]

D. Sa mga salitang maragsa (mga salitang parehong may diin at impit sa ultima), pinagsasama ang simbolong pahilis (ˆ) at simbolong paiwa (˘) upang bumuo ng pakupya (^):

“líkô” [li.ˈko˘]

E. Kapag ang salitang nagtatapos sa impit ay nasundan ng ibang mga salita, ang impit ay napapalitan ng haba.

“matandâ” [ma.tan.ˈda˘]

pero “matandá na siyá” [ma.tan.daː.na.ˈsyá]

F. Para sa ilang tagapagsalita, nananatili ang impit kahit ang salita ay nasundan ng ibang salita:

“matandâ na siya” [ma.tan.ˈda˘.na.ˈsyá]

G. Para sa ilang tagapagsalita, ang impit ay hindi nabibigkas sa dulo man o hindi ng pangungusap.

“kô” [li: 'ko?] > [li. 'ko]

H. Ang magkakaibang bigkas ay itinuturing na bahagi ng lehitimong Filipino, subalit kailangang matutuhan ang istandard na barayti.

IV. ANG MGA PATINIG NA “I” AT “E”, “O” AT “U”

A. Maaaring bigkasin ang “i” na parang “e”, at ang “o” na parang “u” sa karaniwang salita nang hindi nagbabago ang kahulugan:

“sakít” = [sa. 'kit] ~ [sa. 'ket]

“kurót” = [ku. 'rot] ~ [ku. 'rut]

“laláki” = [la. 'la: .ki] ~ [la. 'la: .ke]

B. Gayunman, hindi puwedeng pagpalitin sa pagsulat ng karaniwang salita ang “i” sa “e” at “o” sa “u”. Dapat pa ring gamitin ang baybay na matagal na o lagi nang ginagamit.

“babáe”, hindi “babái”

“búhos”, hindi “búhus”

“sarpú”, hindi “sarpô”

C. Nagiging makabuluhan lamang ang letra at tunog na “e” at “o” kapag ikinukumpara ang mga hiram na salita sa mga katutubo o kapwa hiram na salita.

“mésa”: “mísa”

“úso”: “óso”

V. ANG DIIN AT/O HABANG

Ang diin at/o habang ay kinakatawan ng simbolong pahilis (´), maliban sa ilang espesyal na kaso.

A. Isinusulat ang diin kahit sa salitang malumay at malumi (i.e. mga salitang may diin sa penultima.)

“táo” [ˈtaː.ʔo]

“lúmà” [ˈluː.maʔ]

B. Kapag ang may diing patinig ay nasa isang di-pinal at bukas na pantig (i.e. isang pantig na nagtatapos sa patinig), binibigkas ang patinig na mahaba (:).

“táo” [ˈtaː.ʔo], mahaba ang may-diing “ta”

pero: “isá” [ʔi.ˈsa], walang habà ang may-diing “sa”

C. Nasa panghuling pantig ang diin, kapag ang katutubong salita ay:

1. may saradong penultima:

“bantáy” [ban.ˈtay]

May ilang kataliwasan dito: “pínsan”, “mínsan” at “bibíngka” na may diin sa saradong penultima.

2. magkatabi at magkapareho ang dalawang patinig sa huling dalawang pantig ng nakasulat na salita.

“biík” [bi.ˈʔik]

“suót” [su.ˈʔot]

May ilang kataliwasan dito: “óo”.

3. may “uw” o “iy” sa pagitan ng huling dalawang pantig ng salita.

“tuwíd” [tu.ˈwid]

“tiyák” [ti.ˈyak]

D. Kapag ang isang salita ay may dalawa o mahigit pang mahabang pantig, higit na prominente sa kadalasan ang huling pantig na mahaba.

“sásáma” [saː.ˈsaː.ma]

E. Sa tuluy-tuloy na pagsasalita, nawawala ang pinal na diin ng salita maliban kung ito ay nasa dulo ng pangungusap.

“magandá” [ma.gan. 'da]

Pero: “Maganda siyá.” [ma.gan.da. 'sya]

F. Sa tuluy-tuloy na pagsasalita, nananatiling mahaba ang bukas na pantig na may diin.

“Áso itó.” ['ʔa :.so ʔi. 'to]

G. Sa pagtuturo ng panimulang pagbasa at pagsulat ay palaging tuldikan ang diin at/o haba. Maaari nang huwag isulat ang tuldik kapag sanáy na sa wikang Filipino ang partikular na mambabasa.

VI. ANG PANTIG

A. Ang Katutubong Palapantigan

1. Dalawa lamang ang kayarian ng pantig sa katutubong palapantigan: KP (katinig-patinig) at KPK (katinig-patinig-katinig).

['ba :.hay] “báhay” (KP-KPK)

2. Ang mga nakasulat na salitang nagsisimula sa patinig ay may impit na tunog sa unahan nito.

“ása” ['ʔa :.sa]

3. Ang mga nakasulat na salitang may magkatabing patinig ay may impit na tunog sa gitna nito.

“táo” ['ta :.ʔo]

4. Walang di-pinal na pantig ng karaniwang salita ang nagtatapos sa impit na tunog [ʔ].

5. Walang pantig ng karaniwang salita na nagtatapos sa tunog na “h”.

B. Ang Hiram na Palapantigan

1. Dahil sa panghihiram, nadagdagan ang kayarian ng pantig sa wikang pambansâ. Ang mga hiram na pantig ay: KKP, KKPK, KKPKK at KPKKK.

“trápo” ['tra : .po] (KKP-KP)

“plánta” ['plan.ta] (KKPK-KP)

“transportasyón” [trans.por.tas. 'syon] (KKPKK-KPK-KPK-KKPK)

“ispórts” [' ?is.ports] (KPK-KPKKK)

Pansinin na kahit sa hiram na palapantigan ay wala pa ring pantig na nagsisimula sa patinig.

2. Sa pagpapantig at pagbigkas ng mga hiram na salitang may kambal-katinig gaya ng “sób-re”, “tók-wa” at “pinyá”, sundin ang sumusunod na tuntunin:

a) Piliin ang pagpapantig na mas malapit sa kayariang KP at KPK. Unang preperensiya ang “sób-ra”, “tók-wa” at “pin-yá”, sapagkat sumusunod sa kayariang KP at KPK. Ikalawang preperensiya ang “só-bra”, “tó-kwa” at “pi-nyá” sapagkat sumasalungat sa kayariang ito. Ang totoo’y mas malapit ang ikalawang preperensiya sa pagpapantig ng pinanghiramang wika.

b) Bagamat may una at pangalawang preperensiya, itinuturing pa rin na parehong tama ang dalawang paraan ng pagbigkas sapagkat parehong ginagamit ang mga ito.

3. Sa pagbabaybay at pagbigkas ng mga salitang hango sa Espanyol na may kambal patinig gaya ng *provincia*, *infierno*, *violin*, *guapo*, *cuénto*, *solucion*, sundin ang sumusunod na tuntunin:

a) Iayon ang pagbabaybay sa katutubong kayarian na KP at KPK. Ang “pro-bín-si-yá”, “im-pi-yér-no”, “bi-yo-lín”, “gu-wá-po”, “ku-wén-to”, “so-lus-yón” at “ak-si-yón” ay higit na sumusunod sa kayariang KP at KPK. Unang preperensiya ang mga pagbigkas na ito. Pangalawang preperensiya ang “byo-lín”, “gwá-po”, “kwén-to”, “pro-bín-sya”, “im-pyér-no”, at “ak-syón” sapagkat hindi sumusunod sa naturang kayarian.

b) Iwasan hanggat maaari ang dalawa o tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng salita. Sa baybay na “byo-lín”, “gwá-po” at “kwén-to” hindi naiiwasan ang dalawang magkasunod na katinig sa parehong pantig. Sa baybay na “pro-bín-sya”, “im-pyér-no”, at “ak-syón” ay hindi naiiwasan ang tatlong magkakasunod na katinig.

c) Ang pagbigkas at pasalitang pagpapantig ay mas malapit sa anyong walang “i” at “u”, gaya ng makikita sa “pro-bín-sya”, “im-pyér-no”, “byo-lín”, “gwá-po”, “kwén-to”, at “ak-syón”. Sa kaso ng “so-lus-yón”, ang bigkas dito ay [so.lus. 'syon] kung saan dumodoble ang unang miyembro ng kambal katinig. Hindi kayang ipakita sa pasulat na anyo ang pagdobleng ito sa aktuwal na bigkas.

d) Bagamat may una at pangalawang preperensiya, itinuturing pa rin na parehong tama ang dalawang paraan ng pagbigkas at pagbaybay sapagkat parehong ginagamit ang mga ito.

VII. ANG PANGHIHIRAM

Ang mga tuntunin sa panghihiram at pagbabaybay ng mga hiram na salita ay ang sumusunod:

A. Huwag manghiram. Ihanap ng katumbas sa wikang pambansa ang konsepto.

“rule” = “tuntúnin” hindi “rúl”

“narrative” = “salaysáy” hindi “náratíw”

B. Huwag pa ring manghiram. Ihanap ng katumbas sa mga lokal na wika ang konsepto.

“tarsier” = “máomag”, “málmag” (Bol-anon)

“whale shark” = “butandíng” (Bikol)

C. Kapag walang eksaktong katumbas, hiramín ang salita batay sa sumusunod na kalakaran.

1. Kung wikang Espanyol ang pinanghiraan, baybayin ang salita ayon sa ABAKADA.

“cebollas” > “sibúyas”

“socorro” > “saklólo”

“componer” > “kumpuni”

“psicología” > “sikolohiya”

2. Kung wikang Ingles at iba pang wikang dayuhan ang pinanghiraan, panatilihin ang orihinal na anyo.

“daddy”

“boyfriend”

“sir”

“psychology” > “psychology” hindi “saykólóji”

3. Panatilihin ang orihinal na baybay ng mga salitang pantangi, panteknikal at pang-agham.

“Manuel Luis Quezon”

“Ilocos Norte”

“chlorophyll”

“sodium chloride”

4. Baybayin alinsunod sa ABAKADA ang mga hiram na salita na naiba na ang bigkas at/o kahulugan sa orihinal.

“stand by” > “istámbay”

“up here” > “apír”

“hole in” > “hólen”

“caltex” > “káltek” (tabo)

5. Gamitin ang baybay ng salitang hiram na matagal na o lagi nang ginagamit.

“teléponó” hindi “teléfonó”

“pamilya” hindi “familiá” o “familya”

“epektibo” hindi “efektibo” o “efektivo”

6. Iwasan ang paggamit ng mga letrang wala sa ABAKADA sa pagbaybay ng mga hiram na salita. Ang istriktong ponetikong baybay ng mga hiram na salita, laluna sa wikang Ingles, ay nakikipagkumpetensiya sa orihinal na baybay. Maaaring pagkamalan itong maling ispelang:

“ponolohiya” o “palatunúgan” hindi “fonólóji”

“úri ng wikà” o “baráyti ng wikà” hindi “varáyti ng wikà”

“pasalaysáy” hindi “náratíw”

D. Sumunod sa opisyal na pagtutumbas.

“Repúbliká ng Pilipinas” hindi “Repúbliká ng Filipinas”
“aghám panlipúnan” hindi “sósyal-sáyans”

VIII. GAMIT NG MALAKING LETRA.

Gaya ng nakagawian na, ginagamit ang malaking letra upang simulan ang isang pangungusap at baybayin ang mga pangalang pantangi, gaya ng tao o hayop (Juán, Bantáy), lugar (Maynilà, Kalínga), nasyonalidad at wika (Manuvù, Lilubuágen), araw, buwan at piyesta opisyal (Martés, Pebréro, Ramadán); titulo ng tao (Pangúlong Arróyo, Senadór Angára); gusali (Wátson Building); unibersidad, eskuwelahan, at organisasyon (Unibersidád ng Pilipinas, Linguistic Society of the Philippines); departamento at ahensya ng gobyerno (Komisyón sa Wikang Filipíno); marka ng produkto (Scotch tape, Kleenex tissue); daglat (DOTC, DEP-ED); relihiyon (Híndu, Múslim (o Muslím)); titulo ng akda (Diksiyúnáryo ng Wikang Filipíno, Balarílà ng Wikang Pambansâ); at mga tampok na pangyayari sa kasaysayan (Áraw ng Kagitingan, Ikalawáng Digmáang Pandaigdig).

IX. PANGWAKAS. Ang ortograpiyang ito ay ginawa alinsunod sa prinsipyo ng makabagong lingguwistika. Subalit ginawa din ito upang tugunan ang praktikal na pangangailangan ng mga gumagamit ng wikang pambansa —mga nagsisimulang sumulat at bumasa; mga bihasa nang sumusulat at nagbabasa sa wikang pambansa; mga Pilipinong ang unang wika ay Tagalog; ang mas maraming Pilipino na ang unang wika ay di-Tagalog; mga dayuhang gustong matuto ng Filipino bilang wikang dayuhan; at ang mga Pilipinong gustong gawing tulay ang kanilang wikang sarili upang matuto ng wikang dayuhan. Hindi sapat na maging siyentipiko ang isang ortograpiya. Kailangan din itong matanggap ng publiko. Sa puntong ito, kailangang linawin na walang ganap na bagong kalakaran at kumbensyon sa patnubay na ito. Ang marami dito ay dati nang mga kaalaman at tuntunin na naipahayag, naimungkahi o naiharap na sa nakaraan, subalit sa di malamang dahilan ay naiwaksi at nakalimutan. Sa ganang amin, ang muling pagpapahayag ng mga subok na at nakagawian nang tuntunin ay hindi masama kundi mabuting bagay.

MGA REPERENSIYA:

- Ahmad, Zaharani. 2005. *The Phonology-Morphology Interface in Malay: an Optimality Theoretic Account*. Canberra: Pacific Linguistics, Research School of Pacific and Asian Studies, The Australian National University.
- Alcantara, Teresita. 1999. *Mga Hispanismo sa Filipino: Batay sa Komunikasyong Pangmadla ng Filipinas: Pag-aaral Linggwistiko*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.
- Bloomfield, Leonard. 1917. *Tagalog Texts with Grammatical Analysis*. Urbana: University of Illinois.
- Bower, Donald. 1965. *Beginning Tagalog*. Berkeley: University of California Press.
- Constantino, Ernesto A. 1996. *Ang Ortogafi ng Wikang Filipino*. [Lungsod Quezon]: CSSP Publications at Departamento ng Linggwistiks, Kolehyo ng Sosyal Sayans at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.
- Cubar, Nelly I. And Ernesto H. Cubar. 1994. *Writing Filipino Grammar: Traditions and Trends*. Quezon City: 1994.
- Decker, Ken. 2007. "Orthography Development for Belize Creole." Nasa http://www.kriol.org.bz/LanguagePages/Language_Ortography.htm.
- English, Leo James. 1986. *Tagalog-English Dictionary*. Quezon City: Kalayaan Press.
- Gippert, Jost, Nickolaus P. Himmelman and Ulrike Mosel, eds. *Essentials of Language Documentation*. Berlin/New York: Mouton de Gruyter.
- Gralow, Frances. 1981. "Some Sociolinguistic Considerations in Ortography Design." Nasa *Notes on Literacy*, 33: 8-1981. Dallas, Texas: Summer Institute of Linguistics.
- [Komite sa Wika at Salin, National Commission for Culture and the Arts]. 2006. *Ulat Hinggil sa mga Forum sa Ispeling*. Naka-mimeograph.

- Komisyon sa Wikang Filipino. 1998. *Diskyunaryo ng Wikang Filipino*. Quezon City: Merylvn Publishing House.
- Komisyon sa Wikang Filipino. 2000. *Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino; Ang Wikang Filipino; at Ilang Talang Pangkasaysayan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Komisyon sa Wikang Filipino. 2001. *2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Lopez, Cecilio. 1940. *A Manual on the National Language*. Manila: Bureau of Printing.
- McFarland, Curtis. 1989. *A Frequency Count of Filipino*. Manila: Linguistic Society of the Philippines.
- McFarland, Curtis. 1998. "English Enrichment of Filipino." *Nasa Philippine Journal of Linguistics*, 29: 1 and 2. Manila: Linguistic Society of the Philippines.
- McKaughan, Howard P. 1977. "Notes on Phonemics, Ortography and the National Language." *Nasa Bonifacio P. Sibayan and Andrew B. Gonzales, FSC, eds. Language Planning and the Building of a National Language: Essays in Honor of Santiago A. Fonacier on his Ninety-Second Birthday*, 88-98. Manila: Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center, Philippine Normal College.
- Panganiban, Jose V. 1972. *Diksyunaryo Tesauro Pilipino-Ingles*. Lugsod Quezon: Manlapaz Publishing Co.
- Santiago, Alfonso O. and Norma G. Tiangco. 2003. *Makabagong Balarilang Filipino*. Lungsod Quezon: Rex Bookstore.
- Santos, Vito C. 1978. *Pilipino-English Dictionary*. Caloocan City: Philippine Graphic Arts, Inc.
- Schachter, Paul and Fe Otones. 1972. *Tagalog Reference Grammar*. Berkeley/Los Angeles/London: Univeristy of California Press.

Seifart, Frank. 2006. "Ortography Development." Nasa Jost Gippert, Nickolaus P. Himmelman and Ulrike Mosel, eds. *Essentials of Language Documentation*, 275-299. Berlin/New York: Mouton de Gruyter.

Schieffelin, Bambi B. and Rachelle Charlier Doucet. 1998. "The "Real" Haitian Creole: Ideology, Metalinguistics and Ortographic Choice." Nasa Bambi B. Schieffelin, Kathryn A. Woolard and Paul V. Kroskrity, eds., *Language Ideologies: Practice and Theory*, 285-316. New York/Oxford: Oxford University Press.

Schieffelin, Bambi B., Kathryn A. Woolard and Paul V. Kroskrity, eds., 1998. *Language Ideologies: Practice and Theory*. New York/Oxford: Oxford University Press.

Sibayan, Bonifacio P. and Andrew B. Gonzales, FSC, eds. *Language Planning and the Building of a National Language: Essays in Honor of Santiago A. Fonacier on his Ninety-Second Birthday*. Manila: Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center, Philippine Normal College.

Surian ng Wikang Pambansa. 1940. *Balarila ng Wikang Pambansa*. Manila: Bureau of Printing.

Surian ng Wikang Pambansa. 1977. *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Pilipino/Patnubay sa Pagwawasto ng mga Aklat Babasahin*. Manila: Government Printing Office.

Surian ng Wikang Pambansa. [1985]. *Simposyum sa Repormang Ortograpiko*.

Tent, Jan and Paul Geraghty, eds. 2004. *Borrowing: A Pacific Perspective*. Canberra: Pacific Linguistics Research School of Pacific and Asian Studies, Australian National University.

Yamashita, Michiko. 1992. "Kakilingan Sambal Texts with Grammatical Analysis". Nasa Ernesto Constantino, et. al, eds. *The Archive*, 8, 149 pp. Quezon City: Cecilio Lopez Archives of the Philippines and the Philippine Linguistics Circle.